THE American Journal of Humanities and Social Sciences Research (THE AJHSSR) 2024
E-ISSN: 2581-8868
Volume-07, Issue-01, pp-112-120
www.theajhssr.com Crossref DOI: https://doi.org/10.56805/ajhssr
Research Paper Open Access

# KOMUNIKATIBONG KAKAYAHAN AT AKADEMIKONG PAGGANAP NG MGA MAG-AARAL

# COMMUNICATIVE SKILLS AND ACADEMIC PERFORMANCE OF STUDENTS

Lovelie B. Centino[1], Julie Ann A. Geonaga[2], Mariette A. Hoyohoy[3]
[1]*Faculty, Misamis University, Ozamiz City*
[2] *Misamis University, Ozamiz City*
[3] *Misamis University, Ozamiz City*

**ABSTRACT**

Ang komunikatibong kakayahan ay tumutukoy sa kakayahan ng paggamit ng wika na angkop sa sitwasyon at nagsisilbi sa nilalayon na layunin ng komunikasyon. Ang komunikatibong kakayahan ay may apat na komponent, ito ay ang gramatikal, sosyolinggwistiko, diskorsal, at istratedyik. Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay ang masuri ang komunikatibong kakayahan ng mga mag-aaral sa isang pribadong unibersidad at kung paano ito nauugnay sa kanilang akademikong pagganap. Ang disenyo ng pananaliksik na ginamit ng mga mananaliksik ay quantitative research. Isinagawa sa College of Education Department ng Pamantasan ng Misamis ang pananaliksik. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay ang isang daan at limampung mag-aaral na napili sa pamamagitan ng "random sampling method". Gumamit ang mga mananaliksik ng sarbey na talatanungan sa pangangalap ng mga kinakailangang datos at hiningi rin ng mananaliksik ang general weighted average. Ang mananaliksik ay nagsagawa ng online survey gamit ang mga talatanungang ginawa sa Google Forms. Ang natuklasan sa pag-aaral na ito ay talagang may kasanayan at kakayahan sa komunikatibong kakayahan ang mga mag-aaral sa larangan ng gramatikal, sosyolinggwistiko, diskorsal, at istratedyik. Mahalaga ang pag-aaral na ito upang mas lalong mapagtuunan ng pansin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pakikipagkomunikasyon sa paaralan o kung saan man at kung gaano kahalaga ang impluwensiya nito sa kanilang akademikong pagganap.

**KEYWORDS:** Akademikong pagganap sa Filipino, diskorsal, gramatikal, istratedyik, sosyolinggwistiko.

## 1. INTRODUCTION

Ang komunikasyon ay isang bagay na gumagawa ng mga koneksyon. Ang mga koneksyon ay ginawa sa pagitan ng isang tao at isa pa, o sa pagitan ng isang grupo ng mga tao at isa pa (Dimbleby et al, 2020). Ito ay isang paglilipat ng impormasyon mula sa isang tao patungo sa isa pa, nakakakuha man ito ng tiwala o hindi. Ngunit ang impormasyong inilipat ay dapat na maunawaan ng tatanggap (Barnes, 2021). Ang komunikatibong kakayahan ay kakayahan sa paggamit ng wika. Ito ay may layunin na kung ang pag-aaral ng wika ay ang paggamit ng wika, kung gayon ang pag-unlad ng kasanayan sa wika ay dapat na gabayan at masuri ng kakayahan ng isang mag-aaral o taong makipag-usap (Savignon, 2018). Ang akademikong pagganap naman ay ang kaalamang natamo na tinatasa sa pamamagitan ng mga marka ng isang guro at/o mga layuning pang-edukasyon na itinakda ng mga mag-aaral at guro na makakamit sa isang tiyak na yugto ng panahon (Martin et al., 2017). Ito ay ang pagganap ng mga kaalaman, kasanayan, at kahusayan ng mga indibidwal na pinahusay sa pamamagitan ng pagkatuto (Kapur, 2018). Ito rin ay tumutukoy ng mga tunguhin at layunin sa hinaharap ng mga mag-aaral.

Sa pagkatuto, mahalaga sa mga mag-aaral ang pagkakaroon ng kaalaman sa wika at kakayahan sa pakikipagkomunikasyon upang ito'y maging epektibo at matamo ang layuning inaasam sa akademiko o sa propesyonal na lebel man. Iba't ibang kagamitan ang nalilinang sa ano mang asignatura na makatutulong sa mga

edukador lalong-lalo na sa mga magulang upang maisakatuparan ang layunin ukol sa ganap at epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral (Asemanyi, 2015). May mahalagang papel ang interaktibong konsepto ng pag-aaral at pagtatamo ng kaalaman dahil ito ang elementong susi sa pagkuha at pagpapakahulugan sa kaalamang nailipat sa kapwa tulad ng pang-araw-araw na pakikisalamuha sa mga guro at kapwa kamag-aral.

Ayon sa Komisyon ng Wikang Filipino (2020), wika ang tulay sa paghahatid ng kamalayan sa sangkatauhan kaya malaki ang gampanin ng wika sa pagpapalaganap ng impormasyon at kaalaman. Sa pamamagitan ng wika, naipapahayag ng tao ang mga opinyon at damdamin sa mga bagay-bagay gamit ang bibig at ito ay tinatawag na kasanayan sa pagsasalita. Ang kasanayan sa pagsasalita ay pagkakaroon din ng kakayahan at kasanayan ng tao na maipahayag ang kanyang ideya, paniniwala, at nadarama. Sa aralin na Manipestasyon ng Ika-21 Siglong Kasanayan at Mungkahing Gawaing Makalilinang ng Kasanayan sa Kurikulum ng Filipino ng Ikasampung Baitang, isa ang makrong kasanayan na pagsasalita ang naghahatid ng mensahe sa paraang berbal (Saul, 2020). Ginagamit ang wika upang malinaw na maipaliwanag ang damdamin at kaisipan ng tao sa pamamagitan ng berbal na paraan. Ang kasanayan sa komunikasyon ay tinutukoy ang kakayahan ng indibidwal na makipag-usap nang malinaw gamit ang wikang berbal at di berbal gayundin ang epektibong pakikipagtulungan at pananagutan sa kapwa (Pacific Policy Research Center, 2010).

Mapapaunlad ng isang mag-aaral ang tinatawag na makrong kasanayan sa pagbasa, pagsulat, pakikinig, panonood, at lalong-lalo na sa pagsasalita sa pamamagitan ng paggamit ng wika sa wastong paraan sapagkat ito ay isang mahalagang kasangkapan sa paglinang ng mga kasanayang ito. Sa wika naipapahayag ng tao ang kanyang kaisipan at saloobin kaya't dapat itong bigyang halaga. Nagkakaroon ang tao ng pagkakataon na makipaginteraksyon gamit ang wika sa mga taong nasa lipunan at sa pamayanang humubog ng kanyang kamalayan. Sa wika kanyang naibubulalas ang damdaming maaring sumikil sa kanyang pagkatao.

Ang isang tao na maalam sa larangan ng gramatika ay may kaangkupan sa paggamit ng wastong deliberasyon ng kanyang balarila na kanya ring magagamit sa pagsulat ng isang makabuluhang pangungusap at may kahusayan sa komunikatibong pangwika tungo sa kanyang pagpapahayag ng may kagalingan at kalinawan sa pagpapahayag (Gannaban, 2020). Ayon kay Kisel (2019), ang komunikatibong kakayahan ay ang kabuuan ng kaalaman at kakayahan na nagbibigay-daan sa isang tagapagsalita na epektibong makipag-ugnayan sa iba sa angkop na kapaligirang panlipunan. Ang tagapagsalita ay makapipili ng mga salitang kanyang gagamitin depende sa kung kanino siya nakikipag-usap, kung paano ipapahayag ang kanyang mga pananaw, kung saan nagaganap ang pag-uusap, at ang kanyang kinalalagyan (Pena et al., 2016). Ang komunikatibong kakayahan ay ang layunin ng ika-21 siglong pag-aaral ng wika (Wang-Taylor et al., 2019). Ito ay mahalaga sa tagumpay ng akademiko ng mga mag-aaral dahil sa katotohanang ang mahusay na pagsasalita ay nagbubukas ng pinto ng tagumpay habang ang pagsusulat ay sumusubok sa kakayahan ng mga mag-aaral sa wika. Para sa mga mag-aaral na makamit ang akademikong rurok, ang karunungan sa kaalaman ng wika ay mahalaga. Ang pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan ay hinihiling sa pagpapakita ng karunungan sa kaalaman ng linggwistika.

Gayunpaman, marami ng pag-aaral na nakatuon lamang sa komunikatibong kakayahan ng mga mag-aaral. Nakapokus lamang ang ibang mananaliksik sa apat na komponent ng komunikatibong kakayahan, ito ay gramatikal, sosyolinggwistiko, diskorsal, istratedyik. Kung saan sa apat komponent ng komunikatibong kakayahan may kasanayan ang mga mag-aaral. Kaya naman naisipan ng mga mananaliksik na iugnay ang komunikatibong kakayahan ng mga mag-aaral sa kanilang akademikong pagganap. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay makatutulong sa m0ga mag-aaral ng College of Education upang mas lalong mapagtuunan ng pansin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pakikipagkomunikasyon sa paaralan o kung saan man at kung paano ito nakakaimpluwensiya sa kanilang akademikong pagganap.

## 2. LAYUNIN NG PANANALIKSIK

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay ang masuri ang komunikatibong kakayahan ng mga mag-aaral sa isang pribadong unibersidad at kung paano ito nauugnay sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Sa pag-aaral na ito, hinahangad na matuklasan ang mga sumusunod na partikular na tiyak na layunin:

1. Natutukoy ang *profile* ng mga respondente sa mga tuntuning kasarian, *program enrolled*, antas ng taon, at kanilang *general weighted average*.
2. Natutukoy ang antas ng komunikatibong kakayahan ng mga respondente sa mga larangan ng gramatikal, sosyolingguwistikal, diskorsal at istratedyik.
3. Natutukoy ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral.
4. Nasusuri ang makabuluhang kaugnayan ng komunikatibong kakayahan at ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

## 3. PAMAMARAAN SA PANANALIKSIK

Sa pag-aaral na ito, ang disenyo ng pananaliksik na ginamit ng mga mananaliksik ay *quantitative research*. Ang quantitative research at tinukoy bilang sistematikong pagsisiyasat ng mga phenomena sa pamamagitan ng pangangalap ng mga mabibilang na datos at pagsasagawa ng istatistika, mathematical o computational na pamamaraan (Bhat, 2012). Ginamit ng mananaliksik ang correlational na pananaliksik bilang quantitative research approach, dahil ipinapakita nito ang relasyon sa pagitan ng dalawang baryabol. Ang correlational research method ay gagamitin upang masuri ang kaugnayan sa pagitan ng komunikatibong kakayahan at sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa College of Education Department ng Pamantasan ng Misamis. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay ang mga mag-aaral na nasa College of Education. Ginamit ng mga mananaliksik ang *"random sampling method"* sa pagpili ng mga respondente. Ang *randomization* ay ang pinakamahusay na diskarte para sa pagbabawas ang epekto ng anumang nakakalito na mga *variable*, kaya nakakatulong ito upang matiyak ang mahusay na panloob na bisa. Sa simpleng *random sampling*, bawat miyembro ng populasyon sa ilalim ang pananaliksik ay may pantay na pagkakataong mapili at ang posibilidad na mapili ang isang miyembro ng populasyon ay hindi naaapektuhan ng pagpili ng iba pang miyembro ng populasyon (Cohen et al, 2007). Ito ay ibabatay sa kraterya na: 1) mga mag-aaral na naka-enroll sa College of Education sa Pamantasan ng Misamis; 2) mga mag-aaral na nakatapos sa Unang Semester ng Taong Panuruan 2021-2022; at 3) mga mag-aaral na nagbigay ng pahintulot na maging bahagi ng pag-aaral na ito. Bago isinagawa ang pag-aaral, humingi ang mananaliksik ng pag-apruba mula sa Dean ng Misamis University College of Education. Matapos ang pag-apruba, ang mananaliksik ay naghanda ng isang liham ng pahintulot para sa pinuno ng paaralan, pagkatapos ay isang informed consent sa mga kalahok. Ang mga respondente ay binigyan ng mga talatanungan sa pamamagitan ng *Google Forms* upang masukat ang lawak ng mga kasanayan sa komunikatibong kakayahan at akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang mga datos na nakalap ay itinaas, sinuri, at binibigyang kahulugan gamit ang *Microsoft Excel* at *Minitab Application Software*. Ginamit ang mga sumusunod na pamamaraan sa pagsusuri ng mga datos na nakalap sa paggamit ng *Minitab Software*: 1) *Mean and standard deviation*. Ginamit ang *Mean* at *Standard Deviation* sa pagtataya sa komunikatibong kakayahan sa mga mag-aaral. Ang mga bilang at porsyento ay gagamitin sa paglalarawan ng profile ng mga respondente sa mga tuntunin ng kasarian, program enrolled, antas ng taon, at general weighted average. 2) *Pearson r Product Moment Correlation Coefficient*. Ginamit ito sa pagsiyasat ng makabuluhang ugnayan sa pagitan ng komunikatibong kakayahan ng mga mag-aaral at ang kanilang akademikong pagganap. Upang mapanindigan ang etikal na aspeto ng pag-aaral na ito, hiniling ng mga mananaliksik ang boluntaryong pakikilahok ng mga respondente. Ipinaalam nila sa mga respondente ang layunin ng pag-aaral at tiniyak sa kanila na ang kanilang pakikilahok ay hindi makakasama sa kanila sa anumang paraan. Inuna ng mga mananaliksik ang paggalang sa dignidad ng mga respondente. Tiniyak din ang proteksyon ng *privacy* ng mga respondente, kompidensiyalidad ng datos ng pananaliksik, at hindi ipinapakilala ang mga mag-aaral. Higit pa rito, iniwasan ng mga mananaliksik ang panlilinlang at pagmamalabis tungkol sa mga layunin at layunin ng pananaliksik; at nagdeklarang walang mga kaakibat, pinagmumulan ng pagpopondo, at mga potensyal na salungatan ng interes. Ang anumang komunikasyon tungkol sa pananaliksik ay ginawa nang may transparency, at iniwasan ang anumang mapanlinlang na impormasyon at maling interpretasyon ng mga pangunahing natuklasan sa datos. Sa wakas, hiniling ng mananaliksik sa mga respondente na lumagda sa informed consent bilang patunay ng kanilang pagpayag na lumahok.

Ang pag-aaral na ito ay isang *quantitative research*. Ginamit ang mga sumusunod na mga talatanungan bilang instrumento sa pag-aaral na ito:

A. Ginamit ng mga mananaliksik ang sarbey na talatanungan sa pangangalap ng mga kinakailangang datos. Sa pagtatasa ng komunikatibong kakayahan at akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa College of Education, ang mga respondente ay hiniling na tumugon sa mga aytem gamit ang isang *"four-point likert scale"* na may sumusunod na opsyon sa pagtugon—Palagi, Madalas, Minsan, at Hindi Kailanman para sa pagtatasa sa talatanungan ng komunikatibong kakayahan ng mga mag-aaral. Ang mga opsyon sa pagtugon na ito ay binigyan ng timbang na 4, 3, 2, at 1 ayon sa pagkakabanggit.

Mga Tugon Continuum Interpretasyon

1. Palagi 3.25 - 4.0 Mataas na kakayahan
2. Madalas 2.50 - 3.24 Katamtamang kakayahan
3. Minsan 1.75 - 2.49 Walang gaanong kakayahan
4. Hindi Kailanman 1.0 - 1.74 Walang kakayahan

B. Para sa pagtukoy sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay hihingin ng mga mananaliksik ang kanilang *general weighted average*.

Ratings Interpretasyon

1.0 – 1.5 Katangi-tangi (KT)

1.26 – 2. Lubos na Makabuluhan (LM)
2.01 – 2.5 Makabuluhan (M)
2.51 – 3.0 Katamtaman (K)
3.01 – 5.0 Hindi gaanong Makabuluhan (HM)
NC, NG, Failed Walang Kabuluhan (WK)

## 4. MGA RESULTA AT DISKUSYON

***Distribusyon ng Profile ng mga Respondente***

Ang pag-aaral na ito ay may layuning masuri ang komunikatibong kakayahan ng mga mag-aaral sa isang pribadong unibersidad at ang kaugnayan nito sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang talahanayan 1 ay nagpapakita ng profile ng 150 na mga mag-aaral sa College of Education sa Misamis University sa mga tuntunin ng kanilang ng kasarian, program enrolled, antas ng taon, at general weighted average.

**Talahanayan 1: Profile ng mga Respondente sa mga Tuntunin ng Kasarian, *Program Enrolled,* Antas ng Taon, at *General Weighted Average* (n = 150)**

| | Profile | Frequency | Percentage |
|---|---|---|---|
| Kasarian | Babae | 139 | 92.67 |
| | Lalaki | 11 | 7.33 |
| *Program Enrolled* | BEEd | 24 | 16 |
| | BSEd | 126 | 84 |
| Antas ng Taon | 1st Year | 37 | 24.67 |
| | 2nd Year | 49 | 32.67 |
| | 3rd Year | 47 | 31.33 |
| | 4th Year | 17 | 11.33 |
| *General Weighted Average* | 1.0-1.25 | 13 | 8.67 |
| | 1.26-2.0 | 108 | 72 |
| | 2.01-2.5 | 29 | 19.33 |

Ang talahanayan 1 ay nagpapakita ng profile ng 150 na mag-aaral ng Edukasyon sa Misamis University sa mga tuntunin ng kanilang kasarian, *program enrolled*, antas ng taon, at kanilang *general weighted average*. Ang 139 na respondente ay babae (n = 150, 92.67%) at 11 naman ang bilang ng mga respondente na lalaki (n = 150, 7.33%). Sa tuntunin ng *program enrolled*, ang 24 na respondente ay mula sa BEEd (n = 150, 16%) at ang 126 na respondente ay mula sa BSEd (n = 150, 84%). Sa tuntunin naman ng antas ng taon, ang 37 na respondente ay nagmula sa 1st year (n = 150, 24.67%), sa 2nd year naman ay may bilang na 49 respondente (n = 150, 32.67), ang 47 na respondente ay mula sa 3rd year (31.33), at sa 4th year naman ay may bilang na 17 na respondente (n = 150, 11.33). Sa mga tuntunin ng kanilang *general weighted average*, ang bilang ng mga respondent na mayroong GWA na 1.0-1025 ay 13 (n = 150, 8.67%), ang mga respondente naman na mayroong GWA mula 1.26-2.0 ay 108 (n = 150, 72%), at ang mga respondente na mayroong GWA mula 2.01-2.5 ay 29 (n = 150, 19.33%),

Malaki ang papel na ginagampanan ng *profile* ng mga respondente sa pananaliksik na ito sapagkat ito ang nagbibigay ng wastong impormasyon o datos na kinakailangan sa pag-aaral. Sa tulong ng mga datos na nakuha, natukoy ang bilang ng *profile* sa larangan ng kasarian, *program enrolled*, antas ng taon, at *general weighted average*.

***Pagtukoy sa Komunikatibong Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Larangan ng Gramatikal, Sosyolinggwistikal, Diskorsal, at Istratedyik***

**Talahanayan 2: Komunikatibong Kakayahan ng mga Respondente sa mga Komponent ng Gramatikal, Sosyolingguwistikal, Istratedyik, at Diskorsal (n = 150)**

| Constructs | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Kakayahang Gramatikal | **3.52** | **0.45** | ***Mataas na kakayahan*** |
| Kakayahang Sosyolingguwistiko | **3.56** | **0.42** | ***Mataas na kakayahan*** |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Kakayahang Diskorsal | **3.30** | **0.48** | ***Mataas na kakayahan*** |
| Kakayahang Istratedyik | **3.43** | **0.48** | ***Mataas na kakayahan*** |
| **Kabuuan** | **3.45** | **0.46** | ***Mataas na kakayahan*** |

*Eskala: 3.25-4.0 (Mataas na kakayahan); 2.50-3.24 (Katamtamang kakayahan); 1.75-2.49 (Walang gaanong kakayahan); 1.0-1.74 (Walang kakayahan)*

Ipinapakita sa talahanayan 2 ang komunikatibong kakayahan ng mga respondente sa larangan ng gramatikal, sosyolinggwistiko, diskorsal, at istratedyik. Makikita sa kabuuang datos ang komunikatibong kakayahan ng mga respondente (M= 3.45; SD=0.46) sa larangan ng gramatikal, sosyolinggwistiko, diskorsal, at istratedyik. Ang Kakayahang Gramatikal ay nakakuha ng pinakamataas na resulta na (M=3.53; SD=0.45). Sa Kakayahang Sosyolinggwistiko naman ay nakakuha rin ng pinakamataas na resulta na (M=3.56; SD=0.42). Pinakamataas na resulta (M=3.30; SD=0.48) rin ang nakuha sa Kakayahang Diskorsal. Panghuli ay ang Kakayahang Istratedyik na nakakuha rin ng pinakamataas na resulta na (M=3.43; SD=0.48).

Ito ay nangangahulugan na ang mga mag-aaral ay nakitaan ng mataas na kasanayan sa kanilang komunikatibong kakayahan. Sa Kakayahang Gramatikal, mahalagang may kasanayan sila dahil ayon kay Ross Alonzo ng Unibersidad ng Pilipinas (1998), ang gramatika ay bahagi ng diskurso. Isa itong mahalagang sangkap na ating ginagamit sa mga kasanayang makro ng wika, ang pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsulat at panonood. Aniya, "hindi epektibo ang komunikasyon kung wala tayong kakayahang gamitin ang gramatika at diskursong angkop sa sitwasyon at kausap." Magiging higit na mahusay ang ating pagtuturo kung alam natin kung paano natutuhan at ginagamit ang gramatika. Ang gramatika ay batayang balangkas ng wika at sa balangkas na ito mabubuo ng mga mag-aaral ang kanilang gawain at masusukat ang kanilang pag-unlad. Sumunod naman ay ang Kakayahang Sosyolinggwistiko, ito ay ang kakayahan ng mga mag-aaral na mag-organisa ng kanyang ideya o mga gawi sa pagsasalita ng wasto at sapat sa pakikipagkomunikasyon sa pagsasaalang-alang ng mga layunin sa komunikasyon, intensyon, katayuan sa lipunan, mga gampanin bilang isang tagapagsalita at ang kapaligiran alinsunod sa pamantayang sosyolinggwistika at ang mga saloobin ng isang partikular na pamayanan ng *linguocultural* na uri (Riskulova, 2018).

Sunod ay ang Kakayahang Diskorsal ng mga mag-aaral. Ayon sa UP Diksiyonaryong Filipino (2010), ang diskurso ay nangangahulugan ng "pag-uusap at palitan ng kuro". Mula rito, mahihinuha na ang kakayahang diskorsal ay tumutukoy sa kakayahang umunawa at makapagpahayag sa isang tiyak na wika. Sa pagtamo ng mataas na kakayahang diskorsal, mahalagang sangkap sa paglikha ng mga pahayag ang kaugnayan at kaisahan. Ang kaugnayan ay tumutukoy sa kung paanong napagdidikit ang kahulugan ng mga pangungusap o pahayag sa paraang pasalita o pasulat. Ang huli naman ay ang Kakayahang Istratedyik, ito ay ang kakayahang magamit ang berbal at di-berbal na mga hudyat upang maipahatid nang mas malinaw ang mensahe at maiwasan o maisaayos ang mga hindi pagkakaunawaan o mga puwang sa komunikasyon. Ayon kay Maggay (2002), ito ay isang katutubong pamamaraan ng pagpapahayag na hindi tuwirang ipinaaabot ang mensahe subalit nalalaman at ganap na nauunawaan.

Sa kabuoang resulta sa larangan ng gramatikal, sosyolingwistiko, diskorsal, at istratedyik, ang komunikatibong kakayahan ng mga mag-aaral ay talaga namang nagpapakita ng mataas na kakayahan sa pagpapahayag, pasalita man o pasulat, berbal o di-berbal, at paggamit ng wastong mga salita sa wikang ginagamit. Mahalaga ang pagsasanay sa pagtatamo ng mga kasanayang ninanais. Sa paglinang ng kakayahang komunikatibo, kailangang sanayin ng isang tao ang sarili sa pagbigkas at sa pagsulat. Magiging bihasa lamang ang tao sa isang wika kung ito ay kanyang ginagamit sa pagpapahayag, pasalita man o pasulat (Patty, 2020). Kailangan din na pagyamanin ng isang mag-aaral ang talasalitaan at patuloy na magbasa ng mga aklat na may kaugnayan sa mga ito. Ibig sabihin ay kailangang magkaroon ng kaalaman sa ponolohiya, morpolohiya, sintaksis, mga wastong gamit ng bantas, mga wastong paraan ng pagsasalin, at marami pang iba.

***Pagtukoy sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral***

**Talahanayan 3: Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral**

| Variables | Frequency | Percent |
|---|---|---|
| **Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral** | | |
| Katangi-tangi (KT) | 13 | 8.67 |
| Lubos na Makabuluhan (LM) | 108 | 72 |
| Makabuluhan (M) | 29 | 19.33 |

| **Overall Performance** | **1.69** | **Lubos na Makabuluhan** |
|---|---|---|

*Eskala: 1.0-1.25 (Katangi-tangi); 1.26-2.0 (Lubos na Makabuluhan); 2.01-2.5 (Makabuluhan); 2.51-3.0 (Katamtaman); 3.01-5.0 (Hindi gaanong makabuluhan); and NC, NG, Failed (Walang kabuluhan)*

Batay sa talahanayan 3, makikita ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa *College of Education*. Batay sa mga datos na nakalap, may mataas na marka ang mga mag-aaral na may kabuoang pagganap o *overall performance* na 1.69. Sa lahat ng mga tagatugon na lumahok sa pag-aaral na ito, karamihan sa mga mag-aaral ay nakakuha ng kabuoang pagganap o *Lubos na Makabuluhan* na may bahagdan na 72%. Ang mga datos na ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay nakakuha ng mataas na marka sa kanilang akademikong pagganap.

Ayon kina Narad at Abdullah (2016), ang akademikong pagganap ay tumutukoy sa nakuhang kaalaman na sinusuri sa pamamagitan ng mga marka ng isang guro at/o isang hanay ng mga layuning pang-edukasyon na itinatag ng guro at ng mga mag-aaral na dapat matamo sa mga tiyak na panahon. Nasusukat ang akademikong tagumpay ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng kanilang pagdalo sa mga klase, pagkumpleto ng mga takdang-aralin, pagganap sa mga pagsusulit, at pakikilahok sa mga kumpetisyon o iba pang kaganapan (Kapur, 2018). Ang akademikong tagumpay ng mga bata ay naiimpluwensyahan din ng kanilang mga guro (De Guzman, 2021). Malaki ang papel na ginagampanan ng guro sa pagkatuto ng kanyang mga mag-aaral at sa kanilang akademikong pagganap.

Ang edukasyon ay may mahalagang papel sa buhay ng isang tao. Nakakatulong ito sa pagpaplano sa hinaharap at maging sa personal na paglago. Ito ay nagbibigay inspirasyon sa isang tao na kumuha ng mga pagkakataon sa buhay. Ang kakayahang magtiis ng mga paghihirap at bumuo ng paglaban sa kasalukuyang takbo ng buhay ay nagpapatibay sa pagkatao. Madalas na sinasabi sa atin ng ating mga magulang na ang tanging maibibigay nila sa kanilang mga anak ay ang edukasyon, kaya hinihimok tayong magsikap sa pag-aaral at makapagtapos. Ang edukasyon ay isang pamana na hinding-hindi mawawala sa tao at hindi maaalis ng sinuman.

Maaaring mahirap para sa isang mag-aaral na balansehin ang lahat ng mga asignaturang kinukuha nila sa kolehiyo lalo pa't kung idadagdag ang mga takdang aralin at ilang dagdag na gawain na kailangan niyang gawin. Maaaring kabilang sa mga kahihinatnan ang pagiging alerto, pagdating sa paaralan nang walang laman ang tiyan, o paminsan-minsang natutulog sa klase. Kahit ganoon pa man, nagampanan ng mga mag-aaral ang kanilang papel bilang isang mag-aaral na nagsusumikap para panatilihin ang kanilang akademikong pagganap.

***Pagtuklas sa Makabuluhang Kaugnayan ng Komunikatibong Kakayahan sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral***

**Talahanayan 4: Makabuluhang Kaugnayan ng Komunikatibong Kakayahan sa Akademiko ng mga Mag-aaral**

| Variables | R value | P value | Remarks |
|---|---|---|---|
| Kakayahang Gramatikal at Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral | 0.31 | 0.000 | Lubos na Makabuluhan |
| Kakayahang Sosyolingguwistiko at Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral | 0.40 | 0.000 | Lubos na Makabuluhan |
| Kakayahang Diskorsal at Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral | 0.26 | 0.001 | Lubos na Makabuluhan |
| Kakayahang Istratedyik at Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral | 0.25 | 0.002 | Lubos na Makabuluhan |

*Tandaan: Probability Value Scale: **p<0.01 (Lubos na Makabuluhan); *p<0.05 (Makabuluhant); p>0.05 (Hindi Makabuluhan)*

Ang makabuluhang kaugnayan ng komunikatibong kakayahan at akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa tuntunin ng kakayahang gramatikal, sosyolinggwistiko, diskorsal, at istratedyik ay makikita sa talahanayan 4. Batay sa mga datos na ipinakita, makikita ang lubos na makabuluhang ugnayan ng kakayahang gramatikal at akademikong pagganap ng mga mag-aaral ($r = 0.31$; $p = 0.000$). Sa kakayahang sosyolingguwistiko naman ay lubos ring makabuluhan ang kaugnayan nito sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral ($r = 0.40$; $p = 0.000$). Lubos ring makabuluhan ang kaugnayan ng kakayahang diskorsal ng mga mag-aaral at akademikong pagganap nila ($r = 0.26$; $p = 0.001$). At sa kakayahang istratedyik ng mga mag-aaral ay lubos ring makabuluhan ang ugnayan nito sa kanilang akademikong pagganap ($r = 0.25$; $p = 0.002$).

Ito ay nangangahulugan na ang mga mag-aaral ay nakitaan ng lubos na makabuluhang ugnayan sa kanilang komunikatibong kakayahan sa akademikong pagganap. Ang mga datos na ipinakita sa talahanayan 4 ang patunay na ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa *College of Education* ay may kaugnayan sa kanilang kakayahan sa pakikipagkomunikasyon, pakikipagtalastasan, at pagpapahayag sa loob ng silid-aralan gamit ang mga wastong salita sa wika.

Kasama na sa buhay ng isang tao ang komunikasyon sa kanyang pang-araw-araw na gawain. Ito ay hindi kailanman magiging hiwalay sa sangkatauhan dahil ayon kay Webster, "ang tao ay ipinanganak upang ipahayag ang kanyang mga ideya alinman sa pasalita o pasulat." Sa pamamagitan ng sistema ng edukasyon, napapaunlad ng mga mag-aaral ang kanilang mga kasanayan sa komunikasyon. Kung ang ibang puwersa—ang kapangyarihan ng komunikasyon—ay gagamitin dito, mas magiging makapangyarihan ang mga kaisipang pinanatili (Bernales et al., 2007).

Bawat guro ay may kani-kaniyang mithiin, layunin, metodo, istratehiya at instruksyon upang mapunan ang mga kinakailangan sa pagkatuto ng mga mag-aaral bilang sentro ng karunungan. Kailangan ang kolaboratib/kooperatib na mga pamamaraan sa pagtuturo upang maihanda ang mga mag-aaral para sa matalino at demokratikong paglahok sa lipunan, may kakayahang makipag-interaksyon, makabuo ng kolaboratib na pasya, at makipagtulungan para sa kapakanan ng nakararami. Kasali na dito ang pagpapalinang ng komunikatibong kakayahan ng mga mag-aaral. Sa pagpapalinang ng komunikatibong kakayahan ng mga mag-aaral kinakailangan ang interaktibong pagkatuto sa pamamagitan ng komunikasyon, sa pagitan ng guro at mga mag-aaral. Sapagkat mahalaga ang komunikasyon sa bawat aspeto ng buhay. Ang katotohanang ginagamit natin ito sa pang-araw-araw na buhay. Natututo tayo ng iba't ibang gramatika at bokabularyo ng wika na itinuturo sa mga paaralan mula noong tayo ay nasa elementarya. Kung sa gayon, naiintindihan at naibahagi natin ang iba't ibang ideya, kaisipan, at damdamin sa iba.

## 5. BUOD, MGA NATUKLASAN, AT KONKLUSYON

**Buod**

Ang pag-aaral na ito ay isang pagtatangkang malaman ang komunikatibong kakayahan ng mga mag-aaral sa *College of Education* kaugnay sa kanilang akademikong pagganap. Gumamit ito ng *quantitative research* na disenyo ng pananaliksik. Ginamit ng mananaliksik ang *correlational* na pananaliksik bilang *quantitative research approach.* Isinagawa ito sa kabuuang 150 na mag-aaral sa *College of Education*. Ang sarbey na talatanungan at akademikong pagganap ay ginamit upang mangalap ng mga kinakailangang datos para sa pag-aaral, at sinuri at binibigyang kahulugan gamit ang *mean*, *standard deviation*, at *pearson product moment correlation coefficient*.

Ang pag-aaral na ito ay nagbibigay ng mahalagang impormasyon sa mga makabuluhang kasanayan sa komunikatibong kakayahan at akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

**Mga Natuklasan**

Ang mga sumusunod ay ang mga mahahalagang resulta sa pananaliksik:

1. Karamihan sa mga respondente ay ang mga mag-aaral na babae sa *College of Education* na naka-enroll sa programang BSEd. Ang mga respondente sa *2^nd^ Year* ay ang may pinakamaraming bilang din sa kalahok at ang may *general weighted average* na 1.26-2.0 ang nakakuha rin ng pinakamaraming bilang.
2. Ang natuklasan sa pag-aaral na ito ay ang komunikatibong kakayahan ng mga mag-aaral sa larangan ng gramatikal, sosyolinggwistiko, diskorsal, at istradeyik ay talagang may mataas na kakayahan.
3. Ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay *lubos na makabuluhan* na makikita sa kanilang general weighted average.
4. Ang komunikatibong kakayahan at akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay may lubos na makabuluhang ugnayan. Natuklasan ang isang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral at sa pagtatasa ng kanilang komunikatibong kakayahan.

**Konklusyon**

Batay sa mga natuklasan, ang sumusunod na konklusyon ay inilabas:

1. Ang mga respondent o kalahok sa pananaliksik ay mga mag-aaral sa *College of Education*.
2. Ang mga mag-aaral ay may mataas na kasanayan sa kanilang komunikatibong kakayahan.
3. Ang mga mag-aaral ay nagpapakita ng kasanayan sa kanilang akademiko.
4. Ang komunikatibong kakayahan ng mga mag-aaral ay nakakaimpluwensiya sa kanilang akademikong pagganap.

## 5. REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan at konklusyon ng pag-aaral, ang mga sumusunod ay ang mga rekomendasyon:

1. Maaaring maghanap o mag isip ang mga mananaliksik ng iba pang bagay na maaring maidagdag sa pagtukoy ng *profile* sa mga respondente.
2. Ang mga mag-aaral ay maaaring magpokus sa isang asignatura upang mas mabigyan ng halaga ang bawat asignaturang pipiliin at upang malaman na rin kung sa anong asignatura mas bihasa ang mag-aaral sa kanilang kasanayan sa komunikatibong kakayahan.
3. Upang mapanatili ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral maaaring ipagpatuloy ng mga mag-aaral ang pagsusumikap sa kanilang pag-aaral sapagkat ito ay hindi lamang makatutulong sa kanilang kasalukuyang sitwasyon kung hindi ito rin ay makatutulong sa kanilang kinabukasan, sa personal o propesyunal man na katayuan sa buhay.
4. Maaaring lumahok ang mga mag-aaral nang higit sa mga aktibidad sa pagpapaunlad ng makrong kasanayan kabilang ang pagsasalita, pagbabasa, pakikinig, pagsusulat, at panonood upang mabuo ang kasanayang pangkomunikatibo. Ang mga aktibidad na ito ay maaaring pakikipanayam, pagkukuwento, pagtatalumpati, pagbabasa ng aklat, pakikinig ng mga balita o talakayan, pagsusulat ng mga sanaysay, panonood ng mga makabuluhang palabas, at marami pang iba na makatutulong sa pagpapayaman at pagpapalawak ng kanilang talasalitaan na makapaglilinang sa kanilang komunikatibong kakayahan gamit ang wika o salita. Ang pagkakaroon ng mataas na kasanayan sa komunikatibong kakayahan ay nakatutulong sa pagkakaroon ng kahusayan sa akademikong pagganap.

## REFERENCES


1. Asemanyi, A. A. (2015). An Assessment of Students' Performance in Communication Skills: A Case Study of the University of Education Winneba. Journal of Education and Practice, 6(35), 1-7.
2. Bakar, Noor Idayu Abu, Nooreen Noordin, and Abu Bakar Razali. "Improving Oral Communicative Competence in English Using Project-Based Learning Activities." English Language Teaching 12.4 (2019): 73-84.
3. Barnes, D., & Todd, F. (2021). Communication and learning revisited: Making meaning through talk. Taylor & Francis.
4. Berns, M. S. (1990). Contexts of competence: Social and cultural considerations in communicative language teaching. New York, NY: Plenum.
5. Canale, M., & Swain, M. (1980). Theoretical bases of communicative approaches to second language teaching and testing. Applied linguistics, 1(1), 1-47.
6. Candlin, C. (1978). Teaching of English: Principles and an exercise typology. London, England: Langenscheidt-Longman.
7. Chomsky, N. (1959). A review of B. F. Skinner’s Verbal Behavior. Language, 35(1), 26–58. Habermas, J. (1970). Toward a theory of communicative competence. Inquiry, 13(1–4), 360–75
8. Dimbleby, R., & Burton, G. (2020). More than words: An introduction to communication. Routledge.
9. Dreisbach, J. L. (2020). ANG TEORYA NG AKOMODASYON SA KOMUNIKASYON BILANG BATAYANG KAISIPAN SA PAG-AARAL NG MULTILINGGUWAL AT MULTIKULTURAL NA ARALING FILIPINO. DALUMAT E-Journal, 6(1), 1-1.
10. Gannaban, M. F. E. (2020). Mga Teorya sa Gramatika at Wika, Salalayan sa Pagtuturo ng Filipino. DALUMAT E-Journal, 6(2), 1-1.
11. Giva, J., Fortich, C., & Paet, S. M. (2020). GAMPANIN NG WIKANG FILIPINO SA PAGPAPALAGANAP NG IMPORMASYON BILANG TUGON SA COVID-19 SA LUNGSOD QUEZON. GAMPANIN NG WIKANG FILIPINO SA PAGPAPALAGANAP NG IMPORMASYON BILANG TUGON SA COVID-19 SA LUNGSOD QUEZON, 1(1).
12. Hymes, D. (1972). On communicative competence. In J. Pride & J. Holmes (Eds.), Sociolinguistics (pp. 269–93). Harmondsworth, England: Penguin Books.
13. Kapur, R. (2018). Factors influencing the students’ academic performance in secondary schools in India. University of Delhi.
14. Kisel, O. V., Dubskikh, A. I., Lomakina, Y. A., Butova, A. V., & Potrikeeva, E. S. (2019). Differentiated approach as a factor on development of students’ professional communicative competence. Amazonia Investiga, 8(19), 287-297.
15. Korpershoek, H., Canrinus, E. T., Fokkens-Bruinsma, M., & de Boer, H. (2020). The relationships between school belonging and students’ motivational, social- emotional, behavioural, and academic outcomes in secondary education: A meta- analytic review. Research Papers in Education, 35(6), 641-680.
16. Martin Sanz, N., & Rodrigo, I. (2017). Exploring Academic Performance: Looking beyond Numerical Grades. Universal Journal of Educational Research, 5(7), 1105-1112.

17. Misa, R. M. KAKAYAHAN SA PANGGRAMATIKANG FILIPINO NG MGA MAG- AARAL NG GRADE 9 LABORATORY HIGH SCHOOL NG PRESIDENT RAMON MAGSAYSAY STATE UNIVERSITY.
18. Opoola, B. T., & Fatiloro, O. F. (2014). On Communicative Competence and Students' Performance in English Language. The International Journal of Engineering and Science (IJES), 3(8), 65-68.
19. Sandigan, A. P. D. (2018). Oral Communicative Competence of Filipino College Students: Levels, Correlates, and Characteristics. International Journal of English Literature and Social Sciences, 3(5).
20. Savignon, S. J. (2018). Communicative competence. The TESOL encyclopedia of English language teaching, 1-7.
21. Saul, A. J. G., Capiz, J. R. D., & Milan, K. C. (2020). Manipestasyon ng Ika-21 Siglong Kasanayan at Mungkahing Gawaing Makalilinang ng Kasanayan sa Kurikulum ng Filipino ng Ikasampung Baitang. Asia Pacific Higher Education Research Journal (APHERJ), 7(1).
22. VARONA, F., & MANDADO, J. O. Ang Kasanayang Pasalita Gamit ang Kagamitang Multimidya sa Antas Tersyarya.
23. Waisbord, S. (2019). Communication: A post-discipline. John Wiley & Sons.
24. Wang-Taylor, Y., & Milton, J. (2019). Predicting international students' academic success with vocabulary and intercultural communicative competence. Journal of Applied Linguistics, (32), 83-101.
25. Zamora, N. C. L. Pedagohikal Na Gramar Ng Sinugbuanong Binisaya: Balangkas Ng Mga Gawaing Komunikatibo Sa Pagtuturo-Pagkatuto Ng Filipino.